


PANGKALAHATANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PROYEKTO

ANO?

Ang Excelsior and Outer Mission Streetscape Design Guidelines (Mga Gabay para sa Pagkakaayos ng Kalye sa Excelsior at Outer Mission) ay pagpupunyagi sa pagitan ng iba't ibang ahensiya upang mapabuti ang kaligtasan, kalidad ng nakikita, at katangian ng komunidad sa koridor ng Mission Street at nakapaligid na lugar.


Paghuusayin pa ng Streetscape Design Guidelines ang Mission Street Excelsior Safety Project (Proyektong Pangkaligtasan para sa Mission Street Excelsior) ng SFMTA, at masasalaming ito ang bisyon ng komunidad na binuo sa pamamagitan ng Excelsior & Outer Mission Neighborhood Strategy (Stratehiyang Pangkomunidad sa Excelsior at Outer Mission).

SAAN?




PAANO?

Bibigyang-depinisyon ng Guidelines (Mga Gabay) ang mga klasipikasyon ng kalye at hanay ng mga materyales para sa streetscape o pagkakaayos ng kalye, na siyang magsisilbing kasangkapan para sa Lungsod at sa komunidad upang maipatupad ang mga proyekto para sa streetscape sa kasalukuyan at sa hinaharap.



MGA KLASIPIKASYON NG MGA KALYE


Tutukuyin ng mga klasipikasyon para sa mga kalye ang apat sa espesipikong uri ng interseksiyon sa koridor ng Mission at magmumungkahi ng pagpapaayos ng mga kasangkapan sa kalye, espesyal na pagkakasemento, mga puno, at mauupuan.



HANAY NG MGA MATERYALES

Nakapokus ang hanay ng mga materyales sa partikular na mga estilo, materyales, at kulay para sa pagpapaluntian, pag-iilaw, mga muwebles, at mga elementong tumutukoy sa identidad ng komunidad.

KAILAN?




SA KONTEKSTO

BISYON NG KOMUNIDAD: KUNG ANO ANG AMING NARINIG

Nabuo ang mga sumusunod na prinsipyo sa pamamagitan ng Excelsior & Outer Mission Neighborhood Strategy at sinasalamín nito ang mga natanggap na opinyon sa pamamagitan ng pag-outreach o pag-abot sa nakararami, at mula sa nakapokus na kumbersasyon mula sa mga sesyon ng Working Group ng Strategy.

DISKARTE SA KAPITBAHAYAN



Mababasa ninyo ang kompletong dokumento na EOM Neighborhood Strategy sa pamamagitan ng pagbisita sa link na nasa pinaka-ibaba ng board na ito.

MGA TEMA

MGA LAYUNIN

Mga
Pampublikong
Espasyo



PUB 1
Linisin, gawaing luntian at pangalagaan ang mga pampublikong espasyo.



PUB 2
Pagtibayin ang diwa ng lugar, at ipagdiwang ang katangian ng komunidad ng pagkakaroon ng iba't ibang kultura sa Mission Street koridor



PUB 3
Itaguyod ang naiintindihan at magkakaugnay na masisiglang espasyo na pampubliko, na kasama at konektado sa kapaligiran

Kadaliang
Mapakilos



MOB 1
Ligtas, kumbenyente, nakahahalina at katuwa-tuwa ang paglalakad sa paligid ng distritong komersyal ng komunidad ng Mission (mission neighborhood commercial district, NCD)




MOB 2
Itaguyod ang mga kompletong kalye na nagbabalanse sa magkakaibang pangangailangan ng mga gumagamit ng madadaan ng publiko o public right-of-way.

MGA KASALUKUYANG PROYECTO AT PROGRAMA NG LUNGSOD

Sa pakikipag-partner sa mga residente at organisasyong pangkomunidad, heto ang ilan sa mga proyekto at programa ng Lungsod na nakatuon sa pagpapahusay sa mga pampublikong lugar ng Excelsior at Outer Mission.


Para sa buong listahan ng mga proyekto at programa, pakitingnan ang dokumentong EOM Neighborhood Strategy (Stratehiya para sa Komunidad), na makukuha sa link na nasa pinaka-ibaba ng board na ito. Nabuo ang mga programang ito sa pakikipag-partner sa komunidad, at nagiging posible ang karamihan sa mga ito sa pamamagitan ng pakikipag-partner sa mga pangkomunidad na organisasyong tulad ng Excelsior Action Group, Youth Art Exchange, PODER, at marami pang iba.



MGA PAMPUBLIKONG ESPASYO

MGA KASALUKUYANG KONDISYON

Pagtatampok sa mga halimbawa ng mga proyektong nakapagpapasigla sa kalye



1

Geneva & Mission Gateway

Nagsilbi ang nasa kantong plaza sa Geneva Avenue at Mission Street bilang palatandaan o landmark at pasukan para sa Komunidad ng Excelsior Outer Mission. Ang iskulturang “Ever Upward (Palaging Pataas),” na isinagawa ng mga miyembro ng komunidad, lokal na artista, at Excelsior Action Group ay naging simbolo nang tanawin sa koridor.

2

Kenney Alley

Binago ang Kenny Alley Stairs ng maraming-yugto na pagsusumikap para sa pagpapasigla at pagpapaganda mula sa napabayaan nang daan na komokonekta sa Mission St sa London St, at matatagpuan katabi ng paradahan ng kotse, tungo sa isang halimbawa ng kasiglahan ng mga pampublikong espasyo. Isa itong proyektong itinataguyod mismo ng komunidad, na pinag-isipan at ipinatupad ng mga lokal na residenteng nag-organisa ng Friends of Kenny Alley at nakipagkolebasyon sa Excelsior Action Group.

3

Persia Triangle

Dating hindi masyadong nagagamit na espasyo ang “Heart of the Excelsior (Ang Puso ng Excelsior)” na matatagpuan sa kanto ng Ocean Avenue at Mission St, at nabago ito upang maging lugar kung saan puwedeng magsama-sama ang komunidad sa pamamagitan ng pakikipag-partner ng Excelsior Action Group at iba pang entidad na pangkomunidad at entidad ng gobyerno.

2013 Demonstration Project (Proyektong Pandemonstrasyon) + 2014 Instalasyon para sa Yugto I + 2016 Instalasyon para sa Yugto II

4

Excelsior Branch Library

Ang natatanging pasilidad ng gobyerno sa koridor. Naglagay ng mga maupuan ng publiko at matataniman o planters upang magkaloob ng espasyo para sa mga pagtitipon-tipon. May oportunidad na palawakin pa ang mga panlabas na lugar na maupuan at pagandahin pa ang koneksiyon ng library sa mga pampublikong espasyo.

MGA HAMON AT OPORTUNIDAD

Natukoy ang mga ito sa pamamagitan ng pag-abot sa nakararami o pag-a-outreach ng Excelsior at Outer Mission Neighborhood Strategy

	Lugar	Kaginhawahan	Galak	Kaligtasan				
Mga hamon	<p>Kakaunti ang mga pampublikong bukas na espasyo sa komersiyal na lugar o koridor, o sa iba pang bahagi ng komunidad</p>	<p>Makikinabang kapwa ang mga pasahero ng bus at ang mga dumadaan sa mas malalawak na bangketa na malapit sa mga paradahan ng bus o bus shelter</p>	<p>Mga harapan ng gusali o tindahan na hindi na ginagamit</p>	<p>Mapa ng krimen Source: SF Fix-It Team</p>	<p>Walang pananggalang sa banggaan o bills ng takbo</p>			
Mga oportunidad	<p>Itataguyod ang mga pansamantalang proyektong magpapasigla ng kalye (halimbawa ang Sunday Streets o Mga Kalye tuwing Linggo)</p>	<p>Mga proyektong nakapagpapasigla sa komunidad (halimbawa, ang Kenny Alley)</p>	<p>Mga ekstensiyon ng bangketa o bulb-out para sa mga naglalakad o transportasyon</p>	<p>Pampublikong amenity</p>	<p>Ayusin ang mga harapan, karatula at mural</p>	<p>Pagtatanggal ng mga patay na o may sakit na sanga ng puno, muling pagtatanim, at pagpapanatili sa mga puno at halaman sa mabuting kondisyon</p>	<p>Pag-iilaw, masisiglang tindahan, at daanang walang harang</p>	<p>Traffic Calming (pagpapabagal sa trapiko sa pamamagitan ng mga umbok sa daan o iba pang paraan)</p>

NAGMUMUNGKAHI NG MGA ELEMENTO SA PAGKAKAAYOS NG KALYE

Ipinapakita ng mga larawan sa ibaba ang mga nauna nang nagawa mula sa paligid ng San Francisco para sa apat na malalaking kategorya ng mga elemento ng streetscape (pagkakaayos ng kalye) na natukoy sa Stratehiyang Pangkomunidad para sa Excelsior at Outer Mission.

PAGPAPALUNTIAN




PAG-IILAW



Mga muwebles



Identidad ng komunidad




MGA TAGUBILIN:


Maglagay ng sticker dot (nadidikit na bilog) sa ilalim ng larawan ng mga elemento ng streetscape na pinakakaakit-akit sa iyo. Makatutulong ang inyong opinyon upang makalikha ang Lungsod ng mga gabay sa pagdidisenyo ng streetscape para sa Mission Street.

MGA KLASIPIKASYON NG MGA KALYE


EKSTENSIYON NG BANGKETA O BULB-OUT SA INTERSEKSIYON



Ipinapakita ng mga drawing sa board ang mga nauna nang konsepto (“mga klasipikasyon o typologies”) para sa mga karaniwang interseksiyon sa may Mission Street. Inilalarawan ng mga klasipikasyong ito kung paano posibleng mailagay sa kalye ang mga elemento ng streetscape na natukoy na bilang mga prayoridad sa Pangkomunidad na Stratehiya para sa Excelsior at Outer Mission. Bubuo at lilingang ng mga espesipikong disenyo at hanay ng mga materyales para sa streetscape, at ibabahagi ito sa komunidad sa mga pagtitipon para sa outreach o pag-abot sa nakararami.



EKSTENSIYON NG BANGKETA O BULB-OUT SA HINTUAN NG BUS



LEGEND
█ Ekstensiyon ng bangketa o bulb-out
█ Ekstensiyon ng bangketa o bulb-out sa interseksiyon

MISSION STREET EXCELSIOR SAFETY PROJECT

